# Mga Patakaran sa Patas na Pagdinig para sa Programang WIC ng Guam

Maaari kang humiling ng isang patas na pagdinig,

- Kung sa tingin mo ay tinanggal ka sa programang WIC nang hindi makatarungan.
- Kung sinabihan ka na hindi mo nasasapatan ang mga hinihingi at naniniwala ka na hindi ito makatarungan.
- Nabigyan ng paghahabol na bayaran ng perang halaga ang hindi maayos na naibigay na mga benepisyo.

Ano ang isang patas na pagdinig?

- Sa isang patas na pagdinig, binibigyan ka ng pagkakataong sabihin ang iyong mga dahilan kung bakit sa tingin mo ay hindi ka tinrato nang patas ng Programang WIC. Sasabihin mo ang iyong mga dahilan sa isang opisyal ng pagdinig na HINDI bahagi ng Programang WIC. Ang taong ito ay gagawa ng desisyon na makatarungan at ipapaalam sa iyo at sa Programang WIC ang kanyang desisyon.
- Ang hiling para sa patas na pagdinig ay dapat gawin sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagpapadala o pagbibigay ng salungat na aksyon sa isang aplikante o kalahok.

Paano ako hihingi ng isang patas na pagdinig?

- Maaari kang humiling ng isang patas na pagdinig mula sa opisina ng Programang WIC ng Guam sa pamamagitan ng pagtawag sa (671) 475-0295/0296 o pagbisita sa opisina ng WIC, o maaari kang humiling ng isang pagdinig nang pasalita o pasulat. Tutulungan ka ng kawani ng WIC sa iyong kahilingan at bibigyan ka ng isang kopya ng form sa Patas na Pagdinig sa Programang WIC ng Guam at tuturuang sumulat sa:

  Tanggapan ng Pampublikong Pagdinig ng mga Apela ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan at mga Serbisyong Panlipunan (Department of Public Health and Social Services Public Appeals Hearing Office),<br>Programang WIC ng Guam<br>15-6100 Mariner Avenue<br>Barrigada, GU 96913-1601

  Kung hindi mo kayang isulat ang reklamo, gagawin ito ng kawani ng WIC para sa iyo.

- Ang isang patas na pagdinig ay gaganapin sa loob ng tatlong (3) linggo mula sa petsa ng iyong paghiling. Aabisuhan ka nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng paunang nasusulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig, at dapat ay may kasamang paliwanag ng mga patakaran ng pagdinig ang abiso.
- Maaari kang magsama ng isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o ligal na tagapayo upang ipaliwanag ang iyong mga posisyon o argumento.
- Bago mangyari ang patas na pagdinig, siguruhin na malinaw mong naintindihan ang paliwanag ng kawani ng WIC sa kung bakit hindi mo natugunan ang mga hinihingi ng WIC o ang paliwanag na ibinigay kung bakit ka inalis sa programang WIC.
- Magdala ng mga saksi
- Paunang mga argumento na walang kailangan na pakikialam
- Usisain o pabulaanan ang anumang pahayag o ebidensya, kabilang ang oportunidad na harapin at tanungin ang mga kontra-saksi
- Magsumite ng mga ebidensya upang maitatag ang mga importanteng katotohanan at mga pangyayari sa kaso.

Makatatanggap pa rin ba ako ng mga Benepisyong Pagkain ng WIC?

- Ang mga kalahok na umapela sa pagwawakas ng mga benepisyo sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo ng nakasulat na abiso ng pagwawakas ng mga benepisyo ay patuloy na makatatanggap ng mga benepisyo ng Programa hanggang sa maabot ng opisyal ng pagdinig ang isang desisyon o matapos ang sertipikasyon, alinman ang unang mangyari. Hindi ito nalalapat sa mga aplikante na tinanggihan ang mga benepisyo sa paunang sertipikasyon, sa mga kalahok na natapos na ang panahon ng sertipikasyon o sa mga kalahok na naging hindi na karapat-dapat sa kategorya para sa mga benepisyo. Ang mga Aplikante na tinanggihan ang mga benepisyo sa paunang panahon ng sertipikasyon (o na natapos na ang panahon ng sertipikasyon) ay maaaring mag-apela para sa pagtanggi o pagwawakas, ngunit hindi makatatanggap ng mga benepisyo habang hinihintay ang pagdinig.

Kailan ko malalaman ang desisyon?

- Matatanggap mo ang desisyon at ang paliwanag para sa desisyon nang pasulat sa loob ng apatnapu't-limang (45) araw mula sa araw ng iyong paghiling para sa patas na pagdinig.

**Pahayag Laban sa Diskriminasyon:**
Alinsunod sa batas pederal at mga regulasyon at polisiya sa mga karapatang sibil ng Kagawaran ng Agrikultura ng E.U. (U.S. Department of Agriculture, USDA), ang institusyon na ito ay pinagbabawalang magtangi-tangi batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, (kabilang ang pagkakakilanlan sa kasarian at oryentasyong sekswal), edad, kapansanan, at pagganti o paghihiganti para sa naunang aktibidad sa mga karapatang sibil.

Ang impormasyon sa programa ay maaaring makuha sa iba pang wika maliban sa English. Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon para sa impormasyon ng programa (hal. Braille, malaking print, audiotape, at American Sign Language) ay dapat makipag-ugnayan sa responsableng Estado o lokal na Ahensya na namamahala sa programa o sa TARGET Center ng USDA sa (202) 720-2600 (boses at TTY) o makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Federal Relay Service sa (800) 877-8339.

Upang magsumite ng reklamo laban sa diskriminasyon sa programa, kailangang kumpletuhin ng Nagrereklamo ang Form AD-3027, Form ng Reklamo Laban sa Diskriminasyon sa Programa ng USDA (USDA Program Discrimination Complaint Form) na maaaring makuha online sa: https://www.usda.gov/sites/default/files/documents/USDA-OASCR%20P-Complaint-Form-0508-0002-508-11-28-17Fax2Mail.pdf, mula sa alinmang tanggapan ng USDA, sa pamamagitan ng pagtawag sa (866) 632-9992, o sa pamamagitan ng pagsulat ng liham na naka-address sa USDA. Kailangang maglaman ang liham ng pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo kasama ang isang nasusulat na paglalarawan ng sinasabing aksyon na diskriminasyon na may sapat na detalye upang ipaalam sa Katulong na Kalihim para sa Mga Karapatang Sibil (Assistant Secretary for Civil Rights, ASCR) ang tungkol sa katangian at petsa ng sinasabing paglabag sa karapatang sibil. Ang nakumpletong AD-3027 form o liham ay kailangang maisumite sa USDA sa pamamagitan ng:

(1) **mail**: U.S. Department of Agriculture
Office of the Assistant Secretary for Civil Rights
1400 Independence Avenue, SW
Washington, D.C. 20250-9410;

(2) **fax**: (202) 690-7442; o

(3) **email**: program.intake@usda.gov.

Ang institusyong ito ay nagbibigay ng pantay na oportunidad.